# Gulay at Pabahay

**Allan N. Derain**

KUNG TUTUUSIN, ISANG gulay lang talaga ang binanggit na matatagpuan sa paligid-ligid ng "Bahay Kubo." Ang linga. Ito lang, wala nang iba. At hindi pa nga sigurado ang marami sa atin kung gulay nga ba ang linga dahil ang turing ng nakararami rito ay pampalasa. At kung sinabi sa kanta na "sa paligid-ligid ay puno ng linga," maitatanong kung saan pa sa paligid ng kubong ito maisisingit ang iba pang maligalig na gulay kung ang paligid nga ay puno na ng linga. Ngunit ang "paligid-ligid" ba na tinutukoy sa kanta ay paligid ng bahay kubo o paligid ng mga halamang gulay? At kung itong huli, lumalabas na meron tayong taniman ng gulay na binabakuran ng linga, bagama't walang ganitong sistema ng pagtatanim tayong nalalaman buhat sa mga eksperto sa pagsasaka, pero bakit hindi? Una, ang kubong nasa kalagitnaan ng lahat; pangalawa, ang mga gulay sa paligid ng kubo; at panghuli, sa pinakalabas ng halamanan nakabakod ang mga tanim na linga. Ngunit maitatanong pa rin kung bakit sa lahat ng halaman, ang linga na pinakamadaling masira kapag dinalaw ng alagang manok, baboy, at kambing ng kapitbahay ang pipiliing maging pambakod sa lahat ng ito. Di ba't mas lohikal kung bataw, kundol, patola, ampalaya, sitaw, at iba pang halamang baging ang nakatanim sa bakuran sapagkat maaaring gumapang sa bakod na kawayan?

Kaya alang-alang sa pag-asang makahanap ng iba pang posibilidad ng pag-unawa, muli nating itanong kung saan naroon ang iba pang mga nabanggit na gulay

kung wala ang mga ito sa paligid ng bahay. Saan itinanim ang singkamas, talong, sigarilyas, at mani? Ang sitaw, bataw, patani? Ang kundol, patola, upo, kalabasa, labanos, mustasa? Ang sibuyas, kamatis, bawang, at luya? Kung hindi nasa paligid, ang mga ito kaya ay nasa loob ng bahay kubo? At kung sakaling wala roon, di naman kaya nasa bubong o nasa silong?

Ito rin ang maghahatid sa atin sa tanong kung bakit sa hinaba-haba ng listahan ng mga naroon sa bahay kubo, kahit minsan hindi binanggit na may taong nagtanim sa mga gulay na malamang na nakatira rin sa bahay kubong iyon. Nasaan ang naghahalamang may berdeng hintuturo at kumakausap sa mga tanim habang nagdidilig? Ang hardinerong masipag magpatubo ng papaya? Ang mang-aawit ng awiting ito na matuwain sa luntiang paligid? Ang kayumangging magsasaka na gaya nina Kabesang Tales at Tata Selong palasak na paksa ng mga awiting bayan gaya nito?

Hindi binanggit ang tao dahil malamang na walang taong mababanggit. Walang taong sasagot at magbubukas ng pinto kapag kumatok dito ang mga pulis. May nakatira dapat ngunit bakit wala? Pawang mga halamang gulay lang ang narito at kung gayon, ang mga naninirahan dito. Ano talaga ang karakter ng mga gulay na matagal nang namumuhay rito nang sama-sama at matagal na rin nating inakalang walang muwang sa mga usapin ng pag-aari at pabahay? Dahil bakit ipagkakait sa mga halamang ito ang manirahan sa sarili nilang bahay kubo? Na ang sagot ay maliwanag kung ikakabit ang tanong sa usapin ng malaking suliranin ng ating bansa sa pabahay na nakakabit naman sa mas malaking usapin ng makataong uri ng pamumuhay.

Isang Hesuwitang pilosopo na hindi nakapagpapahintulot ng mga kaisipang bulakbol ang nagpaliwanag na may tao sa loob ng kubo at ang taong iyon ang nakakakita ng lahat ng mga nagaganap sa kanta. Mula sa loob ng kubo, nakikita ng taong ito ang mga halaman na nasa labas at nasa paligid ng kubo. (Hindi naman kaya Diyos na nakakakita ng lahat ang gusto talaga niyang tukuyin?) Dagdag pa ng paring paham na sa awiting ito nga makikita ang Pilipinong konsepto ng "loob." Na mula sa loob, nakikita ng Pilipino ang nasa labas kahit ang nasa paligid. Isang kahanga-hangang pagdalumat, kung tutuusin. Na puwedeng maging sagot sa paliwanag naman ng isa pang iskolar na nakapag-aral sa Estados Unidos na nagsabi noong hindi ganap na magkasalungat ang Pilipinong konsepto ng "labas" at "loob," na kapag sinabing "loob" ay loob lang talaga ang nais nating tukuyin at hindi kasama ang labas, at ganoon din ang "labas" na kapag pinag-usapan ay walang reperensya sa loob. Ibinigay na halimbawa nitong iskolar ang salitang "nilooban" na ibig sabihin ay ninakawan ang bahay. Dito, maliwanag na ang nanloob ay nanggaling sa labas. At kung ang nasa loob ay orihinal na galing sa labas, maaaring ang nasa labas naman ay dating nasa loob kaya lumilitaw na ang loob at labas ay dalawang konseptong baliktaran.

Pero hindi nga ito posible, sabi ng Hesuwitang pilosopo. Dahil hindi naman pantay ang dalawang konsepto. May "utang na loob" pero walang "utang na labas." May "kusang loob" pero walang "kusang labas." May "anak sa labas" pero walang "anak sa loob" tayong sinasabi. Kaya paanong magiging baliktaran lang ang loob at labas? Puwedeng makita ng nasa loob ng kubo ang nasa labas at paligid kung dudungaw ito sa bintana (kaya hindi niya kailangang maging Diyos, salamat sa bintana). Pero puwedeng hindi ganito ang kaso ng nasa labas, maliban na lang kung aswang ang nasa labas na nakakaalam ng lahat ng kaganapan sa loob ng kubo dahil sa talas ng kaniyang pang-amoy o kung magagawa ng nasa labas na sumilip din sa bintana ng kubo para makita ang nasa loob at kung magkagayon, hindi niya kailangang maging aswang, salamat muli sa bintana.

Kung mula saang sulok nakikita ang mga gulay at iba pang halaman, mahihinuha ito sa paggamit ng salitang "doon" sa "ang halaman doon ay sari-sari . . ." Mula saan ang pagsabi ng doon? O mainam sigurong itanong, nasaan ang "dito" ng nagsasabi ng "doon"? "Doon" dahil may pisikal na distansya ang kumakanta buhat sa kubong lunsaran ng lahat. Kaya hindi puwedeng nasa loob ng kubo ang taong nagsasalita sa kanta gaya ng nais ipaunawa ng Hesuwitang paham.

Sa isang banda, "doon" dahil may distansya ang nagsasabi ng "doon" sa panahon ng pangyayari. Ibig sabihin, inaalala na lang nitong nagsasabi ng "doon" ang kayarian ng bahay kubo. Kaya hindi rin puwedeng nasa loob ng kubo ang umaalalang ito sa kubo, o kung naroon man siya sa parehong kubong kaniyang inaalala, hindi niya sasabihing "ang halaman doon" dahil "ang halaman dito" ang mas bagay na sabihin, na "ang halaman dito sa kubong ito" ang ibig sabihin o di kaya "ang halaman dito sa kubong ito na nasa aking alaala." At kung nasa loob ng kaniyang alaala ang kubong ito, bakit hindi siya makabitiw sa alaala ng mga halaman doon at bakit ang bahay kubo ay kailangang maging monumental?

Kaya muli, ang tanong, nasaan ang mga taong dapat na nakatira sa bahay kubo? Sino ang nagpalayas sa mga taong dating nakatira sa bahay kubo kung may nagpalayas man sa kanila? O talaga kayang ipinasadya ang bahay kubong ito para lang sa mga halaman? May kasabihan, "Aanhin mo ang palasyo kung ang nakatira'y kuwago? Mainam pa ang kubo kung ang nakatira'y tao."

Upang malutas kahit paano ang misteryong bumabalot sa bahay kubong ito, at bilang isang tumatanda nang manunulat na nais na ring mag-iwan ng kaniyang gintong pamana sa susunod na henerasyon, kumatha ako ng isang munting alamat na magpapaliwanag sa simulain ng kantang "Bahay Kubo." At ang kuwentong ito'y pinamagatan kong "Ang Alamat ng Bahay Kubo" at ganito ang sabi sa kuwento:

NOONG UNANG PANAHON, may isang batang anak ng mag-asawang asyendero na Paulino ang pangalan. Pinalaki si Paulino ng kaniyang mga magulang na isang mabuti at madasaling bata. Sa murang gulang kaniya nang dinambana sa puso't isipan ang poong San Francisco de Asis bilang huwaran sa pagyakap sa lahat ng nilalang, munti man o malaki, dakila man o hamak. Kapag may natagpuan sa kanilang malawak na hardin na isang pipit na hindi na makalipad dahil tinirador malamang ng isang sutil na anak ng sakada, aampunin ito ni Paulino upang arugain hanggang sa muling makalipad.

"Paalam, munting amigo. Bumalik ka na sa iyong papa at mama na alalang-alala na marahil sa paghahanap sa iyo," ang sasabihin pa niya rito sabay kaway habang tinatanaw ang papalayong inakay. Sapagkat sa isip-isip niya, ito rin malamang ang gagawin ni San Francisco de Asis na kaniyang huwaran.

Gabi-gabi, sa kapilyang nasa loob ng kanilang mansyon, ipinagdarasal ni Paulino ang mga anak ng kanilang mga sakada sa kanilang asyenda. Idinadasal niyang huwag nang makapanakit ng mga kaawa-awang nilalang ang mga batang ito. Bagama't kahit kailan ay di pa niya nakakalaro ang mga batang ito, ngunit lagi siyang nag-aalay ng isang Ama Namin at tatlong Aba Ginoong Maria para sa kanilang kabutihan. Hinding-hindi rin nawawala sa kaniyang mga dasal ang kaniyang yaya na mula rin sa mag-anak na sakada ngunit naging halos pangalawa na niyang ina.

Sa kabila ng pagiging madasalin ni Paulino, tila naman pagsubok ng Langit na siya'y nabigyan ng mahina at sakiting katawan. Kaya bihira kung siya'y payagang lumabas ng mansyon. At kung sakaling payagan man ay hanggang sa loob lang ng kanilang bakuran. At kung sakaling lumabas man ng bakuran ay laging sakay ng kanilang berlina na may kurtinang tabing sa mga bintana.

Hanggang isang araw, habang nakasakay ito sa magarang sasakyan, sa unang pagkakataon ay hinawi ng bata ang kurtina upang makita kung ano ang nasa labas. At sa unang pagkakataon, nakakita ito ng mga bahay kubo. Hindi alam ng bata kung ano ang mga ito sapagkat ito pa lamang ang mga bahay kubong nakita niya sa kaniyang tanang buhay. Hindi niya alam kung para saan ang tila malalaking kahong iyon na yaring anahaw, kawayan, at pawid hanggang sa makakita siya ng mga taong dumudungaw mula sa mga bintana ng mga nasabing kahon.

"Yaya, ano 'yon?" tanong ng bata sabay turo sa mga kubo.

"Anak (dahil iyon ang tawag ng yaya sa alaga), bahay kubo ang tawag diyan."

"Anong ginagawa ng mga tao doon? Bahay po ba nila 'yon?" tanong ni Paulino sa kaniyang yaya na katabi niya noon sa loob ng sasakyan.

"Doon sila nakatira," sagot ng kaniyang yaya.

"Bakit sila doon nakatira?" laking pagtataka ng bata. "Bakit sila walang tirahang gaya ng sa atin?" Mahihinuha na rito kung gaano kawalang muwang si Paulino

sa totoong takbo ng mga bagay-bagay. Ni hindi nga niya alam na ang bahay kubo ay pambansang bahay ng mga Pilipino. Ngunit sa kislap ng kaniyang mga mata, makikitang siya'y isang batang nasa bingit ng isang napakalaki at napakahalagang tuklas. Na maitutulad sa kaniyang pagkakatuklas noong sandaling habang nasa harap siya ng salamin at biglang napagwaring ang kamay na nakikita niya, ang brasong nakikita niya, at ang mukhang nakikita niya ay kaniyang lahat at bumubuo ng kaniyang kabuuan dahil siya'y isang nagkakaisang kabuuan at hindi hiwa-hiwalay lang na bahaging makikita sa salamin.

Hindi nakasagot ang yaya sa huling tanong ng kaniyang alaga. Hindi dahil sa hindi nito alam ang sagot kundi dahil nag-alangan ito kung tama bang ipaliwanag sa bata ang tungkol sa inhustisya at di pagkakapantay-pantay ng mga tao sa lipunan. Dahil lubhang napakabata pa ng kaniyang alaga para ito maintindihan. Sa isang banda, at ito malamang ang mas tunay na dahilan, na baka sa sandaling isiwalat niya ang sagot ay ikanta naman siya nito sa mga magulang. Kilala rin kasing madaldal ang bulinggit na nagtatanong.

Labis na dinibdib ng bata ang di masagot-sagot na misteryo. Kaya pagsapit ng gabi, hindi mapagkatulog ang kawawang paslit hanggang lagnatin ito kaiisip.

Ipinakita siya ng mga magulang sa doktor ngunit di rin alam ng doktor ang gagawin sa pasyenteng madalas nang dalawin ng deliryo.

Sa kanyang deliryo, madalas magpakita sa bata ang mukha ng mga taong nakita niyang nakadungaw noon sa mga bahay kubo. Paulit-ulit niyang itatanong sa mga magulang kung sino ang mga taong iyon at kung bakit sila naroon. Maririnig din kasi niya ang mga taong ito na sabay-sabay na magtatanong sa kaniya kung ang tawag din ba sa kanilang kubong tinitirhan ay bahay. Sasaliwan pa ang mga pagtatanong na ito ng nananaghoy na gitarang itinutugtog ng estrangherong nasa madilim na sulok ng kaniyang silid. Naaaninag niya ang mukha ng estranghero sa dilim at natitiyak niyang isa itong balbas-saradong may suot sa matang maitim at bilugang salamin.

Madalas dalawin si Paulino ng ganitong pangitain hanggang naisipan ng kaniyang mga magulang na isaysay sa kaniya ang kuwento ng bahay kubo na kahit munti, may mga halaman doong sari-sari. Mga gulay ang nakatira sa kubo, paliwanag ng mag-asawang asyendero sa kanilang unico hijo at nag-iisang tagapagmana. At lahat ng mga gulay na nakatira sa kubo ay laging malulusog at masasaya salamat sa mabubuting taong nag-aalaga sa kanila. Ang mga taong nakita ng batang nakadungaw noon sa natanaw na kubo ay mga tagapag-alaga ng mga nasabing halaman. Hindi sila nakatira sa kubong iyon dahil may kani-kaniyang mansyon ding inuuwian ang mga tagapag-alagang ito sa tuwing tapos na ang kanilang pagbabantay sa mga halaman.

Bagama't sa simula, nagduda ang bata kung maniniwala siya sa tinurang ito

ng mga magulang dahil iba ito sa sinabi noon ng kaniyang yaya, ngunit dahil ang paliwanag ng mga magulang ay may kasama pang kuwento at kanta kaya nagpasya siyang dito higit na maniwala.

Dahil matalino ang mag-asawang asyendero, bukod pa sa paghahabi ng kuwento, aktuwal din nilang pinagtanim ang kanilang mga sakada ng mga halamang gulay sa paligid ng kani-kanilang mga bahay. Mga halamang gaya ng talong, okra, upo, mustasa, bagama't mga gulay itong wala sa orihnal na kanta. Basta ang punto, mga gulay sa halip na mga halamang palamuti gaya ng gumamela, rosas, at sampagita. Ito, ayon sa mag-asawa, ang tunay na sagot sa gutom at kahirapan ng mga magsasaka. Bagama't hindi na binanggit ng mag-asawang asyendero kung saan makakukuha ng binhing itatanim o ng abonong gagamiting pataba ng lupa sapagkat ipinagpalagay na lang nilang ang maliliit na problemang gaya nito'y maidadaan naman lagi sa bayanihan ng taumbayan.

Bilang pagtalima sa utos ng kanilang dalawang amo, nagsikap ang mga taong magtanim ng mga halamang gulay sa mga piraso ng lupang pinakikitirikan ng kani-kanilang mga dampa. Bukod pa ito sa buong buhay na nilang ginagawang pagtatanim ng tubo sa mga bukiring kanilang pinakikitaniman dahil hindi kanila.

Dahil sa mga halamanang ito, wala na ngang nagutom sa kanilang nayon simula noon. Nakita ng mga taong tama nga ang mag-asawang amo na ang sagot sa kanilang kahirapan ay hindi reporma sa lupa at hindi rin rebolusyon, gaya ng iginigiit ng mga mahilig sa gulo, kundi ang sariling sikap na magpatubo ng makakaing gulay sa kani-kaniyang bakuran. Green revolution ang tunay na rebolusyon.

Simula rin noon, nanauli na ang katinuan at katahimikan sa isip ng batang si Paulino. Hindi na siya ginulo ng mga tanong sa loob ng kaniyang utak. Tumigil na rin ang gitarang nananaghoy sapagkat ito'y napalitan na ng masasayang awitin tungkol sa mabubuting loob na mga tagabukid na naninirahan sa kani-kanilang mansyon doon sa libis ng nayon. Bukod dito, uminam din nang husto ang kaniyang kalusugan, salamat sa gulay na nakahiligan na niyang kainin at salamat din sa poong San Francisco de Asis na poong patnubay ng mga batang gaya niyang madasalin. Sa kabilang yugto pa ng kaniyang kabataan matutuklasan niyang wala palang mga mansyong inuuwian ang mga sakada ng kanilang asyenda at wala palang totoong "Bahay Kubo" na tinitirhan lang ng mga gulay at ang mga magulang niya'y pawang mga sinungaling at ganid. Ngunit pagdating ng panahong iyon, matutuklasan din niyang ampon siya at di tunay na anak ng mag-asawang asyendero, isang lihim na di sinasadyang naibunyag ng butihing yaya, kung kaya may panibagong palaisipang pagtutuunan naman ang kaniyang mga pag-uukilkil at deliryo.